# ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 13

## NAG-AATAS SA PAGPAPATUPAD NG "CURFEW HOURS" BILANG ISA SA MGA PAGTUGON KONTRA COVID-19 SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

**SAPAGKAT**, nagdeklara ang Pangulong Rodrigo Roa Duterte ng *"State of Public Health Emergency throughout the Philippines"* sa pamamagitan ng *Proclamation No. 922* noong Marso 8, 2020;

**SAPAGKAT**, kinumpirma ng Kagawaran ng Kalusugan ang pagkakaroon ng *local transmission* ng *COVID-19* sa Pilipinas;

**SAPAGKAT,** may pangangailangan na paigtingin ang mga pagsisikap sa pagtugon at pamamahala sa pag-iwas sa pagkalat ng *COVID-19* sa ating bayan;

**SAPAGKAT,** nag-isyu ang *Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Disease* ng *Resolution No. 11* noong Marso 12, 2020 na may pamagat na *"Recommendations for the Management of the Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) Situation";*

**SAPAGKAT,** naglabas din ang Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas ng isang *Memorandum* noong Marso 13, 2020 na may pamagat na *"Stringent Social Distancing Measures and Further Guidelines for the Management of the Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) Situation";*

**NGAYON, SAMAKATWID,** ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay **NAG-AATAS** sa pagpapatupad ng ***CURFEW HOURS*** mula **9:00 ng gabi** hanggang **5:00 ng umaga** sa nasasakupan ng bayang ito**,** hanggang sa susunod na abisong ilalabas ng pamahalaan dahil sa banta ng *Coronavirus Disease 2019 (COVID-19).*

Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

**NILAGDAAN** sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**16** ng **Marso**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

**(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE**
Punong Bayan